DAVAO ORIENTAL DSPC DIVISION SCHOOLS PRESS CONFERENCE

Unique Reference Code: 002

Event & Medium: Editorial Writing Filipino

Level (Elem/Sec): Elementary

Salat sa Salapi

Nakalulungkot na patuloy na humihina ang ating salapi sa bangko kontra dolyar. Dahil ito sa mga korap na nagdudulot ng paghihirap natin. Hindi na dapat pa itong patagalin ng gobyerno kailangan na itong masolusyunan upang hindi na tayo maghirap.

Tanong ni Senador Erwin Tulfo, kung ~~s~~ano ang pwedeng gawin sa patuloy na paghina ng ating ~~ba~~salapi kontra sa dolyar. Kailangan na magbigay ang gobyerno ng pera at bantayan ito ng mabuti.

Sabi ni Eli Remolona Jr., hang'gat maaari, sana tumaas yung savings natin. Tama, kailangan nating pataasin ang ating salapi upang hindi tayo lalong maghirap.

Bagamat sinabi pa rin ni Eli Remolona Jr., medyo mahirap sabihin ito senator pero "mayabang tayo eh." Hindi lang sa pagyayabang sinasabi natin ang ating hinaing ngunit sa pag-iisip na ~~ka~~pag magsasalita tayo ay masosolusyunan ito.

Maraming umaasa na mapataas ang ating salapi katulad na lamang ng mga overseas Filipino workers (OFW) at mga manggagawa sa mga business process outsourcing (BPO) industry. Kung hindi pa ito masosolusyunan ~~mga~~ maraming mga kompanya ang malulugi.

Ang patuloy na paghina ~~ng~~ ng ating salapi sa bangko ay nagdudulot ng kahirapan sa ating ekonomiya. Dahil dito maghihirap na rin tayong mga mamamayan. Kailangan na mabigyan ito ng agarang aksyon ng gobyerno upang hindi malunod ang ating bansa sa hirap.

Bilang mamamayan ay dapat na magtulungan tayo sa pamamagitan ng paghahanap ng trabaho at ang gobyerno naman ay huwag kayong magbulag-bulagan sa problemang ito, kailangan na mapansin agad ito ~~sa pamamagitan~~ tulad ng pagbibigay sa bangko ng malaking pera dahil ito lamang ang susi sa ating paghihirap dulot nito.

Unique Reference Code:	009	Event & Medium:	Editorial Writing Filipino
		Level (Elem/Sec):	Elementary

Habang kayo nagpapasarap sa pangungurap,
Kami naghihirap.

2

Ang isyu/usapan na ito ay minsan makukuha sa mga pangungurap ng pondo ng Pilipinas. May mga lugar sa Pilipinas ang nabahaan gaya nalang sa bandang Luzon-dahil sa tuloy-tuloy na pag-ulan o kapag nababagyohan, at isa sa mga rason nito ay ang sira o walang flood control dahil ang pera na binigay sa Gobyerno para sa flood control project ay kinurap lang. Kaawa-awang tingnan ang mga mamamayan dahil umabot ang tubig baha sa kanilang tahanan at ang baha ay lagpas tao na.

Ayon kay Governor Eli Remolona Jr., na kahit papano sana tataas ang pondo/savings ng Pilipinas, pero ito ba ay posible mangyare? Kung hindi titigil ng pangungurap, posibleng hindi tataas ang pondo o savings ng Pilipinas, at maaaring hindi ~~maging~~ tataas ang pondo. dahi ito lamang ang maaaring maging rason kung bakit naghihirap ang mga Pilipino kapag bumabaha dahil sa kakulangan at pangangailangan ng flood control.

Maaaring tataas ang pondo kung ginagamit at hindi sinasayang ang mga pera at hindi ipinagmamayabang sa mga walang kuwentang bagay na hindi nakakatulong sa mga mamamayan o kahit na sa bansa at pwede itong itutulong sa mga nangangailangan.

Ang kayabangan ay hindi makakatulong para tataas ang pondo ng bansa, kundi ang pagbadget nito ang totoong nakakatulong at solusyon

Unique Reference Code: 019 ap

Event & Medium: Editorial Writing (Filipino)

Level (Elem/Sec): Elementary School

3

Lumalalang Kahirapan

Sa panahon ngayon ngayon hindi na bago ang pagbaba ng ating salapi. Ang dahilan nito ay ang korapsiyo na naging sanhi ng kahirapan. Kung kinakailangan dapat itong tugunan agad ng gobyerno upang hindi lumala ang problemang dulot nito.

Mula sa tugon ni Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) Governor Eli Remolina Jr., sa tanong ni Senador Erwin Tulfo kung ano ang pwedeng gawin sa patuloy na paghina ng ating salapi kontra dolyar. Dahil dito, maraming mamamayang pilipino ang nawawalan ng kita dahil sa kalbaryong ito

Para sa aming mga Pilipino may malaking epekto ito sa kabuhayan ng mga tao, kung kaya maraming mamamayan ang umaasa na magapan ang hamong ito upang patuloy na lalago ang ekonomiya ng ating bansa.

Sa paghina(ito) ng ating salapi ay maraming pilipino ang naghihirap dahil wala silang sapat na sahod na naging sanhi ng kahirapan sa maraming tao at sa mga overseas Filipino Workers (OFW) dahil sa malaking tarifa ng buwis.

Ang paghina ng salapi ay dahilan ng korapsiyon na naging ng kahirapan sa mga tao lalong lalo na sa mga na sa ilalim na kahit isang kuting ay hindi nakaranas na magkaroon ng malaking pera. Dahil dito ang mga anak nila ay tumitigil sa pag-aaral na naging dahilan ng paggawa ng karahasan.

Bilang solusyon, matuto tayong mag tipid sa ating mga pera upang kahit papa-ano ay may maipambili tayo sa ating pangangailangan. Sa ating mga mag-aaral ay huwag tayong magpapaapekto,

ipagpatuloy natin ang ating pag-aaral upang maabot natin ang ating mga pangarap. at sa mga magulang naman ay huwag kayong mawalan ng pag-asa na bumangon upang may maipang-tustos sa pamilya. Sa gobyerno naman ay dapat na ibalik ang perang ninakaw upang hindi lalong lumala ang kahirapan.

Unique Reference Code: 006

Event & Medium: Editorial Writing - Filipino

Level (Elem/Sec): Grade 6-Matine Nangan ES

4

Hinakit ng Bayan

Ang daming pilipino na mayaman na subalit sakim sa pera, ngunit ang mahihirap ay walang kapera-pera. Pero kaya pa nila panghambog ang luhu kaysa mag-ipon.

Tama nga ang kasabihan ni Eli Remolona Jr. hangga't maari daw kailangan natin mag-ipon sa ~~sari~~ sariling pera hindi ipanghambog ang luhu mo. Dahil ang palitan sa sariling pera at kuntra dolyar ay mababa na, kaya ang ibang pilipino ay nagibang bansa na para mag-trabaho, para lang matustos ang pangangailangan nila. Bakit kailangan pa nila magtrabaho sa ibang bansa pwede naman sana dito sa ating bansa? Kasi ~~an~~ mababa ang palitan kuntra dolyar, kung dito sila mag-trabaho ay mababa lang ang sahod.

Talagang tunay na bayani ang mga Pilipino Workes natin, kasi sila ay nakakatulong sa ekonomiya sa ating bansa. Ang iba naman innabuso lang ang sahod ng asawa nila nagtatrabaho sa ibang bansa. Kaya minsan nauuwi lang sila sa hiwalayan.

Kaya hangga't may lakas ka magtrabaho dapat mag-ipon ka, at wag mong sayangin ang pera mo sa ibang pa luhu mo. Ang tanging sulosyon lang ay mag-ipon ka, pag yumaman ka nag-mong kalimutan kung saan ka naggaling.

DAVAO ORIENTAL DSPC DIVISION SCHOOLS PRESS CONFERENCE 2024

Unique Reference Code: 015 7

Event & Medium: Editorial writing - Filipino

Level (Elem/Sec): Elementary

Balikatan, kaagapay ng kaunlaran

Dekalidad na trabahong may kaakibat na kita ang hinahangad ng bawat isa sa pagsulong ng maunlad na pamumuhay na kung saan pahalagahan. Tahas ang naiulat na Bangko Sentral ng Pilipinas governor Eli Remolona Jr. sa tanong ni senador Erwin Tulfo kung ano ang pwedeng gawin sa patuloy na paghina ng salapi. Nararapat na pahalagahan ang trabaho at maglaan ng sapat na pondo ang gobyerno.

Tahasang naiulat na ang tinanong ni senador Erwin Tulfo na patuloy ang paghina ng salapi dahil sa malawakang pandarambong ng pamahalaan. Sa katunayan, ang paghina ng salapi ay makakaapekto sa mamamayan at kabuhayan. Nararapa na maglaan ng sapat na pondo ang gobyerno upang uunlad ang ekonomiya ng mamamayan sa Pilipinas.

Nakakadurog na pakiramdam na umaasa ang maraming Pilipinong nagtatrabaho sa mga industriya katulad ng nagtatrabaho sa mga kompanya. Walang maunlad na bansa kung ang kalusugan ng mamamayan ay napapabayaan na kung saan pahalagahan. Ayon sa 7581 na sakaling tataas ang presyo ng bilihin ay mahihirapan ang mamamayan. Naitala sa (PSA) na 2.54 m Pilipino ang walang trabaho at 19.2 m mahihirap.

Tunay na walang maunlad na bansa kung ang katapatan ay napapalitan ng kasakiman. Ayon sa 6713 na dapat magbigay ang opisyal ng pamahalaan ng pampublikong serbisyo upang matulungan ang naapektuhan ng kahirapan. Naitala sa Social Weather Station o (SWS) na 515 b ang nanakaw na salapi sa proyektong Flood control dahil sa malawakang pandarambong ng pamahalaan.

Walang maunlad na bansa kung ang kalusugan ng mamamayan ay napapabayaan na kung saan huwag magpabiktim ng bagsik ng kahirapan. Ayon sa Batas Republika 11223 na dapat mabigyan ng sapat na kalusugan upang masigurong ligtas sa kahirapan. Naitala ng (DepEd) na 4.6 m mag-aaral ang nakaranas ng malnutrisyon dahil walang sapat na pagkain at pera na ipambili. Kung patuloy paano na ang mamamayan.

Pribilehiyo ng paglilingkod, kung tawagin ang pamumuno, hindi panilbihan ng batas sa bayan na kung maging tapat na opisyal na tutugon sa mamamayan. Sa kabilang dako, nararapat na makibaka ang pamahalaan sa sitwasyon ng mamamayan na nahihirapan sa bawat pagsubok na darating. Ayon sa 1987 konstitusyon artikulo XI, seksyon 1, na ang bawat lider ng gobyerno ay manilbihan ng batas sa bayan.

Nararapat na pahalagahan ang trabaho at maglaan ang gobyerno ng sapat na pondo upang lahat ay mabigyan ng trabaho. Kailangan na pag-isipan at paunlarin ang pagpapatupad ng programang pangkabuhayan upang ang mamamayan ay makaiwas sa bagsik ng kahirapan. Kung ang suliraning ay wala pang wakas huwag hayaan itong magwagas.